# Mga Supporta sa Komunidad

Ang Mga Supporta sa Komunidad (CS) ay mga opsyonal na serbisyong hindi medikal na maaaring makatulong sa iyo na mamuhay nang mag-isa o manatili sa iyong tahanan. Hindi papalitan ng mga ito ang mga benepisyong natatanggap mo na sa ilalim ng Medi-Cal. Nag-aalok na ngayon ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng CS sa mga taong may mga kumplikadong pangangailangan sa pisikal, pag-uugali, pag-unlad, at panlipunan na nangangailangan ng higit sa pang-araw-araw na pangangalaga.

## 14 Mga Suporta sa Komunidad

- Pag-navigate sa Paglilipat ng Pabahay: tumutulong sa mga taong makahanap ng pabahay.
- Mga Deposito sa Pabahay: tumutulong sa mga taong magsimula ng isang sambahayan.
- Pangungupahan at Pagpapatatag ng Pabahay: tumutulong sa mga taong mapanatili ang isang ligtas at matatag na tahanan.
- Panandaliang Pabahay Pagkatapos ng Pagpapaospital: tulong para sa mga taong walang matutuluyan pagkatapos ng pagpapaospital.
- Medikal na Pamamahinga: tulong para sa mga taong hindi kailangang manatili sa ospital, pero kailangan pa ring gumaling.
- Pamamahinga: pahinga para sa mga tagapag-alaga ng mga taong nangangailangan ng full-time na pangangalaga.
- Habilitasyon sa Araw: tumutulong sa mga taong maging mas mahusay sa pagtulong sa sarili at mga kasanayang panlipunan.
- Mga Serbisyo sa Paglilipat ng Komunidad sa isang Tahanan o tinutulungang pamumuhay na komunidad: pera para sa mga taong maninirahan sa komunidad.
- Pag-alis o paglipat ng pasilidad ng pagkalinga sa isang Tinutulungang Pamumuhay na Komunidad: tumutulong sa mga taong lumipat mula sa isang nursing home patungo sa isang pribadong tahanan o komunidad. Tumutulong para maiwasan ng mga tao ang manatili sa isang nursing home.
- Personal na Pangangalaga: tumutulong sa mga tao sa kanilang mga pang-araw-araw na gawain.
- Mga Adaptasyon sa Pagiging Accessible ng Kapaligiran: mga pagbabago sa tahanan na nakakatulong na panatilihing malusog, ligtas, at nagsasarili ang mga tao.
- Medikal na Iniangkop na Pagkain o Medikal na Pansuportang Pagkain: mga pagkaing tumutulong sa mga taong maabot ang kanilang mga layunin sa pagkain at gawin silang mas malusog.
- Sentro sa Paghinahon: iba pang lugar na pupuntahan ng mga nalalasing sa publiko sa halip na sa departamento ng emergency o kulungan.
- Pagremedyo ng Hika: payo tungkol sa mga pagbabago sa isang tahanang nakakatulong na panatilihing malusog, ligtas, at nagsasarili ang mga tao.

anthem.com/ca/medi-cal

Anthem

**Para sa karagdagang impormasyon**

Mangyaring makipag-ugnayan sa Anthem Blue Cross sa CalAIM@anthem.com para sa karagdagang impormasyon. O tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer ng Anthem Medi-Cal sa 800-407-4627 (TTY 711), o 888-285-7801 (TTY 711) para sa mga miyembro sa Los Angeles. Available ang mga kinatawan ng Pangangalaga sa Customer Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time.

Anthem

Kailangan mo ba ng tulong sa iyong pangangalagang pangkalusugan, sa pakikipag-usap sa amin, o sa pagbabasa ng mga ipinapadala namin sa iyo? Nagbibigay kami ng mga materyales sa ibang wika at format, kabilang ang braille, malalaking titik, at audio nang wala kang babayaran. Tawagan kami nang walang bayad sa 800-407-4627 (TTY 711), o 888-285-7801 (TTY 711) para sa mga miyembro sa Los Angeles.

Do you need help with your healthcare, talking with us, or reading what we send you? We provide our materials in other languages and formats, including braille, large print, and audio at no cost to you. Call us toll free at 800-407-4627 (TTY 711), or 888-285-7801 (TTY 711) for members in Los Angeles.

¿Necesita ayuda con su cuidado de la salud, para hablar con nosotros o leer lo que le enviamos? Proporcionamos nuestros materiales en otros idiomas y formatos, incluyendo braille, letras grandes y audio sin costo para usted. Llámenos a la línea gratuita al 800-407-4627 (TTY 711), o 888-285-7801 (TTY 711) para miembros en Los Angeles.

您在醫療保健、向我們諮詢、或是閱讀我們寄給您的資料時有需要任何的幫助嗎？我們以其他語言和格式提供我們的資料，包括點字、大型字體印刷和音訊格式，您無需支付任何費用。歡迎撥打我們的免費電話 800-407-4627 (TTY 711)，Los Angeles 的會員或可致電 888-285-7801 (TTY 711)。

Ang Anthem Blue Cross ay ang pangalang pangkalakalan ng Blue Cross of California. Ang Anthem Blue Cross at Blue Cross of California Partnership Plan, Inc. ay mga independiyenteng may hawak ng lisensya ng Blue Cross Association. Ang Anthem ay rehistradong trademark ng Anthem Insurance Companies, Inc. Ang Blue Cross of California ay nakakontrata sa L.A. Care Health Plan para magbigay ng mga serbisyo ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal sa Los Angeles County.

1064680CAMTAABC 12/23